



Forbidden
fruit



Forbidden fruit

COPYRIGHT © 2018

by Precious Pages Corporation

All rights reserved.

First printing of the first edition, 2018

Printed in Manila, Philippines

Written by Jobelle Rivera

Illustrated by Kim Loren Dominguez

Precious Pages Content Group:

Publisher: Segundo Matias, Jr.

Editor: Melanie Esguerra

Proofreader: Aiko Clarizza Buduan-Salazar

Layout: Joel Dano and Alvin Bragais

Production Coordinator: Carlos Manalansan

Reproduction or usage of this work in whole or in part in any form by any electronic, mechanical, or other means, now known or hereinafter invented, including xerography, photocopying, and recording, or in any information storage or retrieval system, is forbidden without the permission from the publisher.

ISBN 978-621-03-0546-3



Prologue

Mabilis ang pagpatak ng luha ng labimpitong taong gulang na si Cyan habang naiiwanan nang mag-isa na nakatayo sa puntod ng kanyang ama at ina. Nag-iisa siyang anak at sa edad na iyon siya naulila. Pakiramdam ni Cyan, gusto niya na ring sumama sa mga magulang dahil wala naman siyang ibang pag-aalayan ng lahat-lahat ng achievements niya.

Lumaki siyang malayo ang loob sa ibang kamag-anak ng ama at ina. Malayo ang mansiyon na tinitirhan nila sa mga ito. At alam niya rin na may lihim na galit ang mga ito dahil sa limpak-limpak na salaping napupundar ng mga magulang niya. Kaya nga walang dumadalo na mga kamag-anak nila kapag may pagdiriwang sa kanila.

Pinahid ni Cyan ang luha nang marinig ang sunod-sunod na busina ng sasakyan ng kapatid ng lolo niya sa ina. Ito ang mag-aalaga sa kanya at katulad ng sinabi nito, dadalhin siya sa isang all boys school at sa dormitory din titira para naman makalimot siya kahit papaano. Hindi siya tumutol dahil umaasa siyang makakatulong nga iyon sa kanya.

Masakit na masakit pa rin sa kanya ang lahat. Kaya sa bawat hakbang ni Cyan palayo sa puntod ng mga magulang ay alam niyang paglayo niya na rin iyon sa kinalakihang buhay. Hindi niya alam kung kailan uli mararanasang maging masaya.

Nang makasakay sa backseat ay tahimik lang siya.

“Dito rin sa Ambrose Academy nag-aral ang papa mo noon. Kung may kailangan ka na may kinalaman sa pag-aaral mo, sabihin mo lang,” sabi ng matandang lalaki sa kanya. Hindi ito kabobosesan ng kahit na anong pag-aalala.

“Sige po,” sagot niya na tinanggap ang iniabot nitong sobre na may dry seal ng eskuwelahan.

May pagpatak na ng ulan habang binabagtas ng sasakyan nila ang pauwi sa mansiyon. Walang pumapasok sa isip ni Cyan kundi ang masasayang

mga araw na kasama niya ang mga magulang.

Ulila na siya. Bukod doon wala nang nagpapahalaga sa kanya.

Nang makarating sa mansiyon ay nakita niya pang gumuhit ang kasiyahan sa mukha ng kapatid ng lolo niya habang minamasdan nito ang kabuuan ng mansiyon nila. Kahit ang totoong magulang ng mga magulang niya ay maaga ring lumisan. Ganito siguro talaga ang kapalaran niya, ang mawalan nang mawalan.

Nang nasa kuwarto na siya para magpahinga hindi naman siya makatulog. Sinilip na lang niya ang bintana habang malakas ang ulan sa labas na tila nakikisimpatya sa kanya nang mga oras na iyon.

Nang ibaba ni Cyan ang tingin, nakita niya ang isang kuneho na basang-basa at tumalon papasok sa tarangkahan nila kaya agad siyang bumaba. Kumuha siya ng payong at nilabas ang kuneho. Nakita niya naman ito uli kaya nangiti siya at nilapitan ito.

Nakatitig ito sa kanya na parang iniisip kung katiwa-tiwala siya. Pero hindi ito tumanggi nang buhatin niya.

Ipinasok niya ang kuneho sa loob ng

kabahayan nila. Sa kuwarto niya ito dinala at pinunasan ng fiber cloth para hindi ito masaktan.

“Pilsen. Iyan na ang pangalan mo simula ngayon,” aniya bago ito nginitian.



Chapter 1

Ika-anim na nang gabi kaya hindi na nakapagtatakanang nangingilag si Cyan sa tinatahak na kakahuyan. Ang kakahuyan na iyon ay kilala bilang ‘Forbidden Forest’ dahil sa mga kuwento-kuwento na marami nang hindi nakabalik mula nang tangkaing pasukin ang gubat na iyon.

Hindi naman talaga niya papasukin ang kakahuyan kung hindi lang biglang tumalon ang hawak-hawak niyang alagang puting kuneho na si Pilsen. Tumakbo ito patungo sa loob ng kakahuyan. Isang taon na niya itong inaalagaan mula nang matagpuan niya sa labas ng mansiyon nila.

Isang taon na rin mula nang lumipat siya sa eskuwelahan na siya ring dormitoryong tinitirhan niya.

“Pilsen! Pilsen!” nilakasan niya ang boses para marinig iyon ng kuneho.

Isang oras na lang at magsasara na ang tarangkahan ng dormitoryo at hindi pa niya nabibili ang kailangan sa proyekto niya. Bibihira lang siyang lumabas at ginagawa niya lang iyon kapag kinakailangan.

Huminga si Cyan nang malalim at nanatiling hawak-hawak ang cell phone na ginagamit niya ang flashlight para kahit paano ay makita ang daan.

Nangingilabot siya sa mga huni ng panggabing ibon. Isama pa ang tunog ng mga natatapakan niyang tuyong dahon. Hindi naman kalayuan ang dormitoryo nila sa kakahuyan. Kung nasa kuwarto siya sa ikatlong palapag ay tanaw niya ang kalakihan ng lugar kaya kahit siya ay hindi maglalakas ng loob pasukin ang kakahuyan. Ngunit hindi niya kayang pabayaang na lang si Pilsen sa mapanganib na lugar na ito. Bagaman takot siya ay kailangan niyang tibayan ang loob.

Isa siyang directionally challenged—hindi niya kayang tandaan kaagad ang isang lugar at minsan, napapaisip pa siya kung saan ang kanan sa kaliwa. Hindi iyon awtomatiko sa kanya gaya

ng ibang tao.

Ramdam ni Cyan na malayo na ang nalalakad niya. Naaalarma na siya. Pero hindi niya kayang matulog nang wala si Pilsen. Baka kung mapaano ito lalo pa at mukhang nananahan doon ang mababangis na mga hayop. Hindi naman niya balak na magpakalayo-layo pa.

Hindi niya namamalayan ang papasugod na sa kanya na mabangis na asong-lobo na naamoy siya mula sa di-kalayuan. Nagmamadali ang pagtakbo nito para mauna sa pagkaing hindi pa man sumasayad sa bibig ay tila nalalasp na ang sarap ng sariwang laman.

Nang makita siya ng asong-lobo ay agad siya nitong sinugod upang itumba. Malakas nitong inulo ang katawan ni Cyan dahilan para bahagya siyang tumalsik. Malakas ang hampas niyon sa kanyang katawan. Kaagad siyang bumagsak at sumadsad ang likurang bahagi ng katawan sa damuhan. Napaigik si Cyan sa sakit ng likod. Hindi niya magawang iangat ang katawan.

Namimilipit pa rin siya sa sakit habang papalapit nang papalapit sa kanya ang asong-lobo na tumutulo pa ang laway. Tila hayok na hayok ang lobo sa pagkaing nasa harapan. Iniisip

marahil kung anong bahagi niya ang una nitong sasakmalin.

“Tulong—”

May kalakihang bato siyang nakapa sa tabi kaya agad niya iyong kinuha. Takot siya sa malaking asong-lobo na kulay abo. Higit na mas nangingibabaw ang takot kaysa sa sakit na nararamdaman ng katawan niya. Pero hindi pa niya gustong mamatay.

Marumi na ang puting uniporme niya at may mga gasgas na rin ang kanyang mga braso. Papalapit nang papalapit sa kanya ang lobo. Agad niyang iniumang ang bato dito na alam niyang wala ring laban. “Tulong!” sigaw niya.

Hindi iyon sapat para makatawag ng atensiyon ng guwardiya ng dormitoryo nila dahil malayo na siya rito.

“Tulong..”

Napakaimposible ba na may tumulong sa kanya sa lugar na iyon?

Naririnig ni Cyan ang malakas na paghinga ng lobo na tila sabik na sabik. Sa takot niya sa biglang pag-atungal nito ay agad niya itong nabato sa mukha, dahilan para umangil ito sa kanya tanda ng pagkagalit. Lalo lang niyang napatunayan na

mahina siya. Wala siyang kakayahang lumaban—ayon sa mga kakilala niya, ang kanyang katawan ay tila sa isang babae, maging ang malasutlang kutis niya, maliit na mukha, maalon-alon na chestnut brown na buhok—dahilan para gustuhin siya ng ibang kakilalang lalaki sa loob ng dormitoryo.

Marahil dahil walang babae kaya hindi maiwasang mabaling ang paningin ng mga ito sa kanya. Natural ang mapupula niyang labi at kapansin-pansin ang matingkad na kulay tsokolateng mga mata niya at katamtamang tangos ng ilong.

Naipikit ni Cyan nang mariin ang mga mata nang lumundag ang lobo patungo sa kanya. Kahit pilitin niyang tumayo o gumapang, wala pa rin siyang takas sa bilis tumakbo ng lobong nasa harapan. Lolokohin niya lang ang sarili na makakatakas pa siya sa malagim na kapalaran.

Narinig niya ang malakas na pag-atungal ng lobo na tila nasaktan, kaya dahan-dahan niyang iminulat ang mga mata. Hindi pa rin tumitigil ang panginginig ng kanyang mga palad sa takot at pangamba.

Sinundan pa iyon ng maliliit na patak ng ulan na bago-bago lang bumabagsak. Hanggang sa

unti-unting lumalaki ang patak niyon.

Isang nakatayong lalaki sa kanyang harapan ang nakita niya. Kulay itim ang buhok at ang kanang kamay ay duguan. Nangilabot si Cyan nang makita ang maitim at matutulis na kuko nito.

Sa harapan nito, naroon ang nangingisay pang asong-lobo na marami nang hiwa sa katawan. Naliligo na ito sa sariling dugo at unti-unting nawalan ng buhay.

Palakas nang palakas ang ulan. Napakabilis rin ng tibok ng puso ni Cyan. Lalo na nang lumingon ang matangkad na lalaking walang kangiti-ngiti.

Nagtama ang mga paningin nila. Pula na tila batong ruby ang mga mata nito, matangos ang ilong at manipis ang mapupulang labi. Pero ang tingin nito ay tila walang damdamin. Tila ba nasa anyong tao lang ito ngunit walang kaluluwa. May bahid ng talsik ng dugo ang kanang bahagi ng mukha nito at ang kasuotan ay pang-estudyante rin. Nasisiguro niyang hindi iyon sa kanila dahil kakaiba ang logo ng eskuwelahan sa kulay abong polo nito.

“Ano’ng ginagawa mo sa lugar na ‘to?”
malamig ang baritonong boses na tanong nito.

“Hinahanap ko lang `yong alaga ko, tumakbo siya d-dito sa ka-kahuyan...” halos magkandabuhol ang dila niya sa pagsagot.

Hindi niya maikakailang hindi ito pangkaraniwang tao tulad niya. May pangkaraniwan bang tao ang makakapagpabagsak sa isang lobo sa loob ng maiksing oras? Isa pa, ang kuko nito ay parang matatalas na punyal na nasisiguro niyang humiwa nang maraming beses sa asong-lobong nagbanta sa buhay niya.

Dahil sa papalakas nang papalakas na ulan ay nahugasan na rin ang dugo sa mukha nito at maging sa kanang kamay nito na unti-unti na ring nagiging pangkaraniwan ang mga kuko. Nagpalit na rin sa kulay itim ang kanina ay pulang mga mata ng estrangherong lalaki. Ngunit hindi maikakailang matapang pa rin iyong tingnan.

Kung panaginip lang ito ay gusto na ni Cyan na magising. Hindi niya alam kung dahil ba sa presensiya nito kaya pakiramdam niya giniginaw siya nang husto at naninindig ang kanyang mga balahibo o dahil lang iyon sa ulan.

“Bumalik ka na kung saan ka man galing,” pagtataboy nito sa kanya.

Naglakad na ito palayo. Gusto sana niyang

hingin ang tulong nito pero kalabisan na yata. Higit sa lahat, kinakabahan siya sa tingin nito. Isa pa, bakit ito patungo sa gitnang kakahuyan kaysa lumabas sa lugar na iyon? Hindi talaga ito pangkaraniwan.

Pinilit ni Cyan na gumapang patungo sa pinakamalapit na acacia. Doon siya kumuha ng lakas at makakapitan upang maitayo ang sarili.

Napapangiwi siya tuwing kumikirot ang likuran niya, isama pa ang kanyang sikmura na hanggang ngayon ay damang-dama ang bigat ng lobo na kanina lang ay sinuwag siya. Nakagat niya ang ibabang labi nang maitayo ang sarili at maisandal sa puno ng acacia.

Tiningnan ni Cyan ang daan palabas pero hindi na niya malaman kung saan ba siya dumaan kanina. Hindi talaga mapagkakatiwalaan ang memorya niya pagdating sa mga daanan.

Nayakap niya ang sarili dahil sa lamig na bumabalot sa kanya. Nangangatal na rin ang mga labi niya at hindi niya talaga kayang lumakad kaya nanghihina siyang napaupo pasandal sa acacia. Ipinikit niya ang mga mata, naalala niya ang matangkad na lalaking nakatayo sa harapan niya kanina kaya agad siyang napamulat.

Nabigla siya nang makatagpo ito ng mga mata niya, dahilan para halos isiksik niya ang sarili sa puno ng acacia.

“Kahit kailan mahihina talaga kayong mga tao,” anito na binuhat siya na tila wala siyang kabigat-bigat. Naiangat siya nito kaagad at sa isang iglap, tila sila nakikipagkarera kay kamatayan sa bilis nitong tumakbo.

Napahawak si Cyan nang mahigpit sa necktie nito dahil sa lakas ng hangin na humahampas sa kanila. Mahapdi iyon sa balat dahil sa ulan na kahalo niyon.

Anong klaseng nilalang ang lalaking may hawak sa kanya? Hindi na niya halos malaman kung kailan sila tumigil dahil nawalan na siya ng malay sa mga bisig nito.

Nang magising si Cyan ay nasa mga braso pa rin siya ng lalaki at nakasilong sila sa isang kubo na alam na alam niya. Iyon ang magandang kubo na malapit sa eskuwelahan nila at malayo-layo nang bahagya sa bukana ng kakahuyan.

“Pilsen!” tuwang wika niya nang makita itong nasa balikat ng lalaki. Agad napawi ang ngiti niya dahil tinitigan siya ng lalaki na ikinapula niya. Tila hindi nito nagustuhan ang kanyang pagsigaw.

“Sa tingin ko doon ka tumutuloy,” sabi nito habang sa malaking dormitoryo na nila nakatingin.

“Oo, ibaba mo na ako dito. S-salamat,” aniya na hiyang-hiya na kaya nag-iinit nang husto ang mga pisngi.

“Gagapang ka papunta sa tarangkahan?” sarkastikong tanong nito. Nakagat ni Cyan ang ibabang labi dahil tama ito. Hindi niya nga magawang tumayo nang diretso. Lumakad pa kaya? Paniguradong gagapang talaga siya. Pakiramdam niya, lalo lang yatang uminit ang magkabilang pisngi niya.

“S-sarado na rin iyong dormitoryo kaya bukas—”

“Saan ang kuwarto mo?” pambabalewala nito sa sinasabi niya.

“Ha?”

Muli ay binalingan siya nito ng tingin pero halos magdikit na ang mga kilay.

“Saan ang kuwarto mo?!” mas may intensidad na tanong nito na ikinagitla niya.

“Ikatlong palapag, doon sa may wind chime. Iyong balkonahe na iyon,” turo niya sa kanyang kuwarto.

Hindi alam ni Cyan kung nakikita nito ang wind chime dahil malayo iyon kung titingnan at nakapuwesto sa glass door patungong balkonahe.

Mabilis na naman ang naging pagtakbo nito. Agad niyang nahawakan ang leeg nito na hindi naman niya nais gawin. Nag-alala lang siya na mahulog si Pilsen sa balikat nito kaya balak niya sanang kunin ang kuneho ngunit imbes na makuha iyon ay sa balikat ng lalaki siya napahawak.

Hindi niya halos namalayan kung paano nito nagawang tumalon nang mataas, at sa loob lamang ng labinlimang segundo ay naroon na sila sa balkonahe ng kanyang kuwarto.

“S-salamat,” aniya na gusto nang magpababa.

Pero hindi siya nito binaba nang tuluyan, bagkus ay binuksan nito ang sliding glass door habang nakadikit pa rin siya sa katawan nito at bahagyang nakaangat pa rin sa sahig.

Tiningnan siya nito na tila nagpapaalam na pumasok at tango lang ang isinukli ni Cyan. Ipinasok na siya nito sa loob ng kuwarto. Muli nitong isinara ang glass door nang nasa loob na sila.

Tumutulo ang tubig ulan sa kanila nang makapasok sila sa loob. Ibinaba siya nito nang

marahan sa swivel chair malapit sa personal computer niya. Si Pilsen naman ay agad tumalon pababa at mabilis na tumakbo patungo sa ilalim ng kama.

“Magpalit ka muna—”

Tatayo sana siya nang mapaigik siya sa sakit ng likuran. Gusto niyang iwasan ang mga tingin nito dahil hindi siya komportable doon.

“May kasama ka sa kuwarto na `to?” tanong nito sa kanya.

Umiling siya.

“W-wala, dalawa `yong kama para kung sakaling may transfer uli. Late na ako dumating last year, kaya ako `yong walang naging kasama sa kuwarto,” sagot niya.

“Saan ako kukuha ng susuotin mo?” anito na tiningnan siya at napapailing. Tila naiirita ito dahil sa hitsura niya na kung hindi siya nito tutulungan ay talagang hindi niya masusuotan ang sarili ng panibagong damit.

Tinuro niya ang walk-in closet na hindi naman kalakihan.

“Kumuha ka na rin ng sa `yo dahil lalamigin ka.”

“Mukha bang may kakasya sa `kin na damit

mo?” tila may pangmamaliit nitong wika.

Napasimangot si Cyan dahil totoo naman na hanggang balikat lang siya nito sa taas niyang five feet and six inches. Higit rin na slim ang pangangatawan niya.

“Robe—” habol ni Cyan nang maglakad ang lalaki.

Iyon siguro puwede na dito. Hindi niya alam kung narinig pa nito dahil malapit na ito sa walk-in closet niya. Nanginginig na siya sa lamig. Sinubukan niyang muling tumayo ngunit hindi niya talaga kaya. Kailangan na yata niyang magpatingin sa doktor.

Pagbalik nito ay may dala na itong damit niya. Isang white printed shirt at pajama—hindi niya alam kung bakit nangiti siya. At ganoon na lang ang pagkahiya niya nang makitang kumuha rin ito ng kanyang panloob. Tila siya nilalamon ng kahihyan. Hindi siya sanay na hinahawakan ng iba ang maliit na bagay na iyon.

“Remove your clothes,” utos nito.

“Ha? Ano—”

“Do I need to repeat myself?” nagdidikit na muli ang mga kilay nito.

“Talikod—” aniya na hiyang-hiya habang

tinatangal ang mga butones.

“Why will I do that?” sarkastiko itong ngumisi. Tumungo ito at tinulungan siyang tanggalin ang mga butones ng polo niya.

Pulang-pula si Cyan ngunit hindi niya pinahalata na naiilang siya. Siya na ang kusang nagtanggap ng polo niya. Lumantad ang kanyang kaputian, pilit niyang tinatakpan ng kamay na pinagkrus ang katawan. Hindi niya alam na ang leeg niya ay hinagod ng tingin ng estranghero.

“Do it yourself,” tiim-bagang na wika nito bago ibinigay sa kanya ang mga damit.

Nag-angat si Cyan ng tingin at kitang-kita niya ang kakaibang pagkapula ng mga mata nito. Lumayo ito sa kanya hanggang makarating ito sa tapat ng glass door. Kusa na itong tumalikod kaya naman kahit mahirap ay pinilit niyang mahubad at maisuot ang lahat.

Tiniklop niya nang maayos ang basang kasuotan at ibinaba iyon sa gilid ng side table.

“T-tapos na,” aniya rito.

Ibinalikan siya nito ng tingin at inilang hakbang ang pagitan nila. Muli itong lumapit sa kanya kaya naamoy niyang muli ang amoy nito na kanina pa niya gustong alamin. Ang kahawig na

amoy niyon ay parang sa isang bulaklak.

Muli siya nitong binuhat kaya awtomatikong napakapit si Cyan sa batok nito. Pinilit nitong huwag siyang mabasa ng basang kasuotan nito. Inihiga siya nito nang marahan sa kama.

“Call someone to assist you, baka may seryoso nang nangyari sa `yo,” anito bago siya tinalikuran. Inilapag nito ang cell phone sa tabi niya—nabitiwan niya yata iyon, hindi na niya halos matandaan.

“S-salamat, saan kita—” tatanungin niya sana ito kung saan niya ito matatagpuan dahil magpapasalamat siya kapag magaling na siya. Pero agad na itong lumabas sa glass door at sa isang iglap, parang bulang naglaho. Napabuntong-hininga na lamang si Cyan.

“Hindi ko nga alam kung nasaan siya! Kanina ko pa siya hinihintay sa guardhouse, pina-extend ko na nga sa guard iyong time. Pero hindi na siya pumayag nang isang oras pa dahil siya ang mawawalan ng trabaho!”

Naulinigan ni Cyan sa labas ng kuwarto ang boses ni Klyde.

“Are you sure he’s not here? Ever since, hindi naman niya `to ginagawa. Bibihira siyang

lumabas,” boses naman iyon ng Vice President ng Student Supreme Government nila na si Anthony.

“Nakita ko siyang lumabas! Please, lalabas ako, I’ll search for him, baka kung napaano na siya. I’ll check in sa hotel para bukas na lang kami babalik,” pagpupumilit pa ni Klyde.

Nangiti si Cyan at iniayos ang pagkakasandal sa headboard ng kama. Plano niyang tawagin ang dalawang nag-iingay sa labas ng pintuan niya.

“I’m here. Don’t worry about me. K-kanina pa ko bumalik,” bahagya niyang nilakasan para marinig siya ng dalawa.

Hindi na siya nagulat nang marahas na bumukas ang pinto at magkahalong pag-aalala at pagtataka ang nasa mukha ni Klyde na sumungaw.

Isang ngiti ang isinukli niya sa pag-aalala nito.



Chapter 2

Marahang itinaas ni Craven ang kanang kamay at ipinuwesto ang kamay sa ilalim ng buwan. Tila iyon nasa palad niya—ganoon ang nais niya, ang makilala ang ama na kabilang sa lahi ng mga matataas na taong-lobo at maabot ito sa mas maagang panahon. Pero paano mangyayari iyon kung hindi niya alam kung paano ito hahanapin?

Naningkad ang balat niya na tila kumikinang dahil natatamaan iyon ng liwanag ng buwan. Pakiramdam niya, ang buwan lang ang koneksiyon na mayroon siya sa hindi nakikilalang ama.

Isa siyang ‘Vamolf’ o kalahating bampira at kalahating taong lobo. Nabibilang siya sa pamilya ng mga Royal Blood Vampire—ikalawang pangkat na pinakamataas at sumusunod sa mga Pure Blood Vampire. Ngunit kahit gaano kataas ang puwesto

niya bilang bampira ay hindi niya maiwasang isipin ang ama na kabilang din sa mataas na lahi ng mga taong-lobo.

Hindi man sabihin ng iba, pero alam ni Craven na hindi siya katanggap-tanggap dahil resulta siya ng maling pag-ibig. Isang malaking kahihyan sa mga Royal Blood ang magkaroon ng kadugong katulad niya na nahahaluan ng dugo't laman ng isang taong-lobo. Kung may isang bampira man na tumatanggap sa kanya, ang kanyang ina lamang iyon na alam umaasa pa rin na makasama ang ama niya kahit ikalawang asawa lamang nito. At lahat gagawin ni Craven para matupad ang nais ng kanyang ina na tanggapin siya ng mga kauri niyang bampira, lalo na ang tingalain sa kabila ng dugong nananalaytay sa kanya.

Ipinikit niya nang marahan ang mga mata. Dinama niya ang malamig na simoy ng hangin. Narinig niya ang mga kakaibang huni ng panggabing ibon at mga hayop na sa oras na iyon ay hindi mapakali sa kakahuyan para humanap ng makakain at ang iba naman ay tumatakbo upang mabuhay dahil bibiktimahin sila ng mga hayok na hayok na hayop ng kakahuyan.

Nilayuan niya ang pandama hanggang

makarating iyon sa isang eskuwelahan at dormitoryo na puro lalaki lang ang naninirahan. Narating niya ang lugar na kanina lang ay inapakan niya at pinasok.

Nangiti siya nang maalala na pinapasok lang siya nang ganoon kadali, hindi man ito nagsalita ay hindi rin ito tumutol. Hindi man ito nabiktima ng asong-lobo ay siya ang bibiktima rito. Gumuhit ang ngiti sa mga labi ni Craven at marahang iminulat ang mga mata.

Kusa siya nitong pinapasok sa kuwarto nito kahit pa alam nito na hindi siya pangkaraniwan. Hindi ito tumutol kaya naman kahit hindi nito sabihin ay nagawa niyang pumasok sa loob. At oras na papasukin sila ng isang tao sa pamamahay ng mga ito ay magagawa na nilang pasukin iyon nang pauli-uli. Iyon ang kahangalan ng taong iyon. Ang totoo ay wala siyang balak ilitas ito. Dahil kahit katiting na damdamin sa mga tao o malasakit ay wala siya.

Nakakahalina lang ang amoy nito. Pakiramdam ni Craven, tinutuyuan siya ng lalamunan. Isa itong mabangong pagkain. Para bang ang dugo nito, kung matitikman niya, ay nanaisin niyang unti-unting namnamin. Walang kahit na anong

tabletang dugo ang makapagbibigay sa kanya ng linamnam na pakiwari niya ay matitikman niya sa lalaking iyon. Nakapagtataka man dahil lalaki rin ito, ngunit nakadarama siya nang labis na pagnanasa sa dugo nito.

Isinara niya ang bintana kaya nanamlay ang liwanag na mayroon sa kuwarto. Tanging ang lampshade lang sa side table na malapit sa kama ang bukas at mapula pa ang ilaw na mayroon ito. Ngunit sapat na iyon dahil malinaw naman ang paningin ng bampira kung gabi.

Sa Renfield University siya nag-aaral. Isang institusyon na nasa dulo ng kakahuyan at lahat ng nag-aaral doon ay bampira mula sa iba't ibang uri. Kalapit ng eskuwelahan ang R.U. Pharmaceutical Company na pag-aari ng Renfield University. Isa ito sa nag-aaral at tumutuklas ng mga makabagong gamot na magagamit nilang mga bampira upang maiwasang makapanakit ng tao. Iniiwasan pa rin nilang lumaganap ang tungkol sa kanila dahil magiging mailap ang mga tao kapag nagkataon.

Ang gawaan ng tabletang gamot ay naghahanap ng mga dalagang may kakaibang halina at amoy ang dugo. Dahil iyon ang may pinakamabisang pangontrol sa mga hindi makontrol na bampira,

lalo na ang mga dumaan sa konbersiyon.

Silang mga Royal Blood lang ang nakakakilatis ng kakaibang dugo. Sila ang inaatasang dumukot sa mga taong mayroon ng dugong kailangan nila at ibalik kung sakaling nawalan na ng buhay dahil sa ekperimento at kalabisan na paggamit sa dugo ng mga ito.

Nagtataka si Craven kung bakit ang lalaking nakilala niya sa kakahuyan ay may ganoong uri ng halina ang amoy ng dugo. Kung ibibigay niya ito bilang bagong paksa ng pag-aaral, nasisiguro niyang mamamatay din ito katulad ng maraming dalaga. At higit pa itong maghihirap dahil kakaiba na may dugo ito na inakala nilang sa babae lang dumadaloy.

Nahinto siya sa pagbukas ng walk-in closet nang maalala ang maliit na mukha nito. Parang kaya niyang ikulong nang madali ang mukha nito sa dalawang palad niya. Maputi ang kulay nito, isama pa ang kakaibang amo ng mukha nito na dinaig pa ang babae. Ngunit umalis na siya nang maiayos niya ito sa higaan dahil nahahalina siya sa dugo nito. Mabuti na lang at may tableta siyang dala na agad niyang kinuha sa maliit na medicine box na kasinlaki lang ng posporo at ibinabad

iyon sa dila niya para mapatid ang pagnanasa sa dugo nito. Kung hindi niya iyon pinigilan ay baka masakmal niya ito nang wala sa oras.

“Salamat,” sinserong wika ni Cyan kay Klyde nang makalabas na siya sa ospital. Tatlong araw din siyang nanatili doon. Hindi naman ganoon kalala ang naging epekto sa kanya na ipinagpasalamat niya.

Makakabalik na rin siya sa dormitoryo at isipin pa lang niya kung gaano na karaming gawain ang ibibigay sa kanya ay napapabuntong-hininga na lamang siya.

“Magpahinga ka muna, bukas ka na pumasok,” sabi ni Klyde habang ipinagbubukas siya ng pintuan ng sasakyan nito mismo. Sumunod ito sa pagsakay sa backseat kalapit niya.

“May itatanong pala ako sa `yo,” aniya nang maalala ang hawak na notebook.

Hinanap niya kung saan nakapuwesto ang bookmark at binuksan iyon.

“Itong logo, alam mo kung anong eskuwelahan?”

Tiningnan niya si Klyde para tingnan ang magiging reaksiyon nito. Kinuha ni Klyde ang notebook at nakakunot noong siniyasat iyon.

“Golden sword at silver sword na nakapormang ekis. Pareho silang may pulang bato malapit sa hawakan,” sabi ni Cyan dahil sa notebook niya ay lapis lang ang ginamit niya.

“Hindi ko alam,” ani Klyde na ibinalik sa kanya ang notebook.

“Golden and silver sword na may pulang bato? Nasisiguro kong Renfield University `yan,” singit ng driver.

“Saan po iyon matatagpuan? Malayo po ba?” magkasunod na tanong niya.

“May masasakyan ka patungo sa lugar na `yon pero may hangganan at `yong iba lalakaran mo na lang. Mahigpit ang eskuwelahan, lalo na sa mga pangkaraniwan—”

“Hindi mayaman gano’n?” si Klyde.

Hindi nakakibo si Cyan, mukhang may alam ang driver ni Klyde tungkol sa mga hindi pangkaraniwang nilalang. At nasisiguro niyang hindi rin pangkaraniwan ang lalaking nakilala niya. Pero gusto pa rin niyang magpasalamat dito dahil niligtas nito ang buhay nila ni Pilsen.

Nang makarating na sila sa dormitoryo pumasok na si Klyde sa klase nito pagkatapos siyang maihatid sa kanyang kuwarto. Wala si Pilsen dahil inaalagaan ito ni Red na seatmate niya.

“Ilang araw ka ring nawala.”

Nabigla si Cyan nang marinig ang pamilyar na baritonong boses. Agad niya itong nilingon pero wala ito. Inikot niya ang paningin sa buong kuwarto ngunit hindi ito natagpuan. Hanggang sa bumalik ang tingin niya sa harapan at doon, halos mapatalon siya, dahil muntik nang magdikit ang mukha nila. Bahagya itong nakatungo sa kanya dahil sa tangkad nito.

“Paano ka nakapasok?”

Gusto niyang pagalitan ang sarili sa kahinaan ng tanong niya. Hindi nga ito pangkaraniwan, hindi ba?

“Are you really asking me that?” anito na lalong dumidikit ang mukha sa kanya habang siya naman ay umaatras palayo.

Hindi maintindihan ni Cyan kung bakit napakabilis ng tibok ng puso niya. Marahil sa kaba. Pero hindi naman ito nakakatakot kung hitsura ang basehan. Sadyang nakakakaba lang ang presensiya nito.

“Sorry, balak sana kitang puntahan para magpasalamat. Sa Renfield Univ—”

Hindi niya nagawang bigkasin ang kasunod na mga salita dahil tila hindi nito nagustuhan ang sinabi niya. Muli ay iniatras ni Cyan ang mga paa.

“Hindi ka pupunta sa lugar na `yon.” Nangingkit ang mga mata nito kasabay ng marahang pagtulak sa kanya pasandal sa nakasarang pinto. “Kung gusto mo akong makita, tawagin mo ang pangalan ko. Kahit pabulong, maririnig kita,” dugtong nito.

Tumango siya nang marahan. Hindi ba ito naiilang sa gahiblang pagitan ng mga mukha nila? Samantalang siya, tila natutuyo na ang lahat ng tubig na mayroon siya sa katawan.

“Hindi ka nila makukuha sa akin, ako ang nakahanap sa `yo. Papaslangin ko sino man ang gumalaw sa `yo. Whoever ask tell them you belong to me, Craven Vixen, remember that Cyan.”

“Craven—” sabi ni Cyan na bahagya ring natigilan.

Kilala na siya nito, alangang magpakilala pa uli siya. Iniharang niya na lang ang dalawang palad dahil magkakadikit na ang katawan nila.

Hindi ba talaga ito naiilang?

“Ano’ng gusto mo? Cupcakes, cake, rice meal,

pizza—” pag-iiba ni Cyan sa usapan. Lumayo siya nang bahagya kaya nakahinga siya nang maluwang.

“Anything,” sagot ni Craven na may tipid na ngiti.

“S-sige! Diyan ka lang,” aniya na itinuro ang swivel chair. “Kung gusto mo, dito ka muna,” turo niya sa kama. Pero dahil iba ang naging pagngiti nito, nag-init ang pisngi ni Cyan.

Bakit iba ang naisip niya?! Bakit naman kasi kailangan nitong ngumiti nang ganoon?

“In your bed, I’ll be comfortable,” naupo na ito sa gilid ng kama.

“O-okay.” Iniwan na niya ito dahil baka makita pa niya itong humiga. Isa pa, kakaiba itong ngumiti.

Sa mini-kitchen ng kuwarto na iyon siya nagtungo. Naghanap siya sa ref ng magagamit sa pizza. Ngunit may ilang kulang kaya plano niyang bumili. Pagpihit niya ng katawan ay nakabangga niya si Craven kaya nagwala na naman ang kanyang puso.

“What’s wrong?” tanong nito habang patungo na naman sa kanya.

“Bumili na lang tayo—ako pala ang bibili, hintayin mo ako dito,” nginitian niya na ito.

Kailangan niyang kalmahin ang sarili.

“I’ll leave now,” anito.

Hinawakan nito ang leeg niya gamit ang hintuturo nito at marahang hinaplos iyon. Nakita niyang naging pula ang mga mata nito katulad noong una niya itong makita.

“Nag-iiba ang kulay ng mga mata mo,” sabi ni Cyan na hindi napigil ang pagkamangha sa boses.

“Are you afraid of me?” anito kasunod ng paglunok.

Nakita pa niya ang pagtaas at pagbaba ng adams apple nito na tila nakapagpatuyo sa lalamunan niya.

“H-hindi—”

Namumula na ba siya? Nag-iinit na naman ang mga tainga at mga pisngi niya.

“I need your blood. Kung matitikman ko `yan, hindi kaya ikabaliw ko? I’m sure, your blood has the most delicious scent, maybe taste too.”

“M-masakit ba `yong gagawin mo sa `kin?”

Sa pagpula ng mga mata nito, alam na niyang bampira ito, kung totoo man na may ganoon. Isa pa, leeg niya ang hinahagod ng tingin nito kasabay ng hintuturo nitong marahang humahaplos doon.

“Cyan! Cyan!” malakas na boses ni Klyde ang narinig niya kasabay ng malalakas na katok.

“Babalikan kita, `wag kang magpapapasok ng hindi mo kakilala. Higit kang magiging ligtas kung sa akin ka maniniwala at hindi sa iba,” sabi ni Craven bago naglaho na lang bigla sa harapan niya.

Napabuga si Cyan ng hangin dahil tila nananaginip siya mula nang makilala ito. Muli niyang narinig ang pambubulabog ni Klyde kaya naman tinungo niya ang pinto ng kuwarto at pinagbuksan ito.

“Ayos ka lang ba?” tanong nito na tila nag-aalala.

Umikot ang paningin nito sa loob ng kuwarto.

“Oo naman. Hindi ba may klase ka?” Pinaningkitan niya ito ng mga mata dahil sa tingin niya, gumagawa na naman ito ng palusot para hindi magklase.

Tumawa si Klyde, napahawak sa batok at ngumiti nang pagkatamis-tamis. “Kumain na nga lang tayo, nagugutom ako,” aya nito na hinila na siya palabas ng kuwarto.



Chapter 3

“Bakit ako magiging exchange student? Ipaliwanag mo nga!” nanggigigil na wika ni Klyde nang banggitin iyon sa kanya ni Anthony. Naroon sila sa kuwarto ng student council at nag-uusap sa long table na maraming newspaper na bukas ay ibabahagi na sa mga estudyante.

“It’s just for two weeks. Ikaw ang gusto ng directress. Pero kung gusto mo, si Cyan na lang. Are you willing to leave him here or let him go?” Iniayos ni Anthony ang reading glass at mataman siyang tinitigan.

“Tsk! Whatever choice I made, hindi ko makakasama si Cyan! Why not the both of us?” tumataas ang boses niya dahil sa pabigla-biglang desisyon ng mga ito.

“Choose to let him stay here, at least dito

mas panatag ka. Pero kung pupunta siya sa ibang school, lalo na `tong very secretive na eskuwelahan na `to, baka mapahamak siya, or else, matagpuan niya ang taong magugustuhan niya. So, what about your feelings? You want him to consider that, right?”

Itinulak nito nang marahan ang isang bukas na letter with dry sealed ng Renfield University.

Tama ito. Mas hindi siya mapapanatag na si Cyan ang umalis. Kung anong galing niya sa babae, siya namang pagkatorpe niya kay Cyan. Four months siyang nauna na mag-transfer sa Ambrose Academy. Unang kita pa lang niya kay Cyan, natuwa na siya sa pagiging mahinhin nito. May isa itong dimple sa left cheek na malalim kapag ngumingiti at maliit ang mukha nito. Gustong-gusto niya ang wavy na buhok ni Cyan at malalantik na pilikmata. Bahagyang malaki ang mga mata nito kaya kitang-kita ang brown na brown na kulay niyon na kinaaaliwan niya talaga. Katamtaman lang ang katawan ni Cyan at mahilig ngumiti nang ngumiti. Dahil sa physical feature nito, hindi lang siya ang nagkakagusto rito. Kung tutuusin, marami sila.

Kung hindi si Cyan, si Red ang gusto ng mga

ito. Ang problema lang kay Red, kabaligtaran ito ni Cyan dahil may pagkamasungit ito at abala sa pagiging isang ghost writer ayon kay Anthony.

“Buwisit!” inis na kinuha niya ang papel at tumayo. Naglakad na si Klyde patungo sa pintuan ngunit nang may maalalang sabihin ay muling binalikan ng tingin si Anthony. “Please, don’t let anyone near him, gusto ko nang sabihin itong nararamdaman ko sa kanya. Pero tatapusin ko `tong two weeks.” Pagkasabi niya niyon ay lumabas na siya ng kuwarto.

Alam niya ang tungkol kay Cyan, pinaimbestigahan niya ito anim na buwan mula nang makilala niya ito at maramdaman na gusto niya ito. Namatay ang mga magulang ni Cyan sa isang assassination, may illegal business kasi na pinasok ang mga ito. Ang mga kapatid ng ama nito ang umasikaso sa namatay na mga magulang ni Cyan. At naghati-hati sa yaman ang mga kamag-anak ni Cyan.

Pinuntahan ni Klyde si Cyan kung saan niya ito iniwan—sa likod ng eskuwelahan nila sa park bench ng playground. Kahit hindi siya masaya ay pinilit niyang ngumiti bago ito nilapitan. Naupo siya sa tabi nito. Sila lang ang naroon dahil hindi

talaga hilig tambayan iyon ng ibang estudyante. Mas malawak kasi ang soccer field at harapan ng eskuwelahan.

“Bakit ang tagal mo? Five minutes na lang, hindi ka pa kumakain,” anito na iniabot sa kanya ang isang sandwich.

“Nakakatuwa na ie-exchange student ako, two weeks lang naman!” natatawag sabi ni Clyde para hindi ito mag-alala sa kanya.

“Ha?” Natigil ito sa pagbubukas ng bottled water at tiningnan siya.

“Halatang hindi ka mapapakali kapag wala ako. Gugustuhin mong makita ang guwapong si ako, hindi ba?” Nginisihan niya ito kaya nagdikit naman halos ang mga kilay ni Cyan.

“Mag-iingat ka,” malungkot na iniabot nito ang binuksang bottled water sa kanya. “Sabihin mo sa `kin kung maganda doon, two weeks ka lang do’n, ha? Baka naman niloloko mo lang ako pero ang totoo hindi ka na pala babalik!” anito na halatang hindi gusto na umalis siya kaya nangiti siya.

Hindi nila pansin na dumating na ang estudyanteng ipinalit ng Renfield University. Dahil iyon ang parking lot, sa di-kalayuan sa

kanila huminto ang isang itim na sasakyan. Lumabas ang isang butler na nagbukas agad ng itim na payong at binuksan ang backseat.

Si Craven ang lalaking lumabas ng sasakyan. Nang makalabas ito ng sasakyan ay suot nito ang uniporme ng eskuwelahan nito. Mula sa loob ay nakita na niya si Cyan. At ngayon, nahagip na rin ng paningin niya ang lalaking kasama nito.

Tila napansin naman ni Cyan na may nakamasid sa kanila. Idiniretso niya ang tingin at halos lumundag ang kanyang puso nang makita ang matiim na titig ni Craven na agad siyang iniwasan ng tingin. Kasama ang butler nito na nagpapayong dito ay naglakad na ang dalawa patungo sa back door ng eskuwelahan.

“Ano uli ang sinabi mo?” ibinalikan ni Cyan ng tingin si Kylde. Pakiramdam niya naroon pa rin ang matiim na titig ni Craven sa kanya kahit pa wala na ito at tanging ang itim na sasakyan na lang ang naiwan.

“May sasabihin ako sa `yo pagbalik ko,” sabi ni Klyde.

“Bakit hindi pa ngayon?” takang tanong ni Cyan.

“Basta.” Ginulo nito ang buhok niya kaya

agad siyang napasimangot. Ang hilig nitong gawin iyon!

Dahil sa pagdating ni Craven, halos maging sa klase ni Cyan ay nawalan siya ng focus. Hindi niya alam kung bakit kailangan niyang magkaganoon! Nawala na si Klyde dahil hinayaan na itong mag-half day sa klase dahil maaga itong aalis bukas at talagang nalulungkot siya dahil doon.

“Magiging yabang-free pala tayo for two weeks,” sabi ni Red sa tabi niya.

Kung ano man ang dahilan, alam ni Cyan na aso’t pusa sina Red at Klyde noon pa mang unang araw na makilala niya ang dalawa. Hambog—iyon ang tawag ni Red kay Klyde dahil talaga namang mayabang ito. Pero sa nakakatuwang paraan naman. Pero tila pikon na pikon dito si Red.

Isa rin si Red sa malapit niyang kaibigan, kaya lang mas gusto nitong mag-isa, magbasa, magsulat at magkulong sa kuwarto. Iyon pa pala, roommate nito si Klyde kaya hindi niya talaga makuha kung bakit hindi magkasundo ang dalawa. Maingay siguro si Klyde samantalang peace of mind ang kailangan ni Red? Ganoon nga siguro.

Natapos ang klase nila. Nagpahuli si Cyan na lumabas dahil gumawa siya ng sulat para kay

Klyde. Ilang beses niyang narinig na nagbukas-sara ang sliding door ng classroom nila hanggang sa maiwanan na siyang mag-isa talaga.

Nangiti si Cyan nang muli niyang basahin ang sulat. Tiniklop niya iyon. Habang ginagawa niya iyon ay namatay ang ilaw ng classroom kaya nakadama siya ng takot. Hindi dahil sa multo o kung ano pa man, takot talaga siya sa dilim noon pa mang bata siya.

Kinapa niya ang cell phone sa harapan ng backpack niya. Nanginginig ang kanyang mga kamay dahil kahit anong pagpapakalma sa sarili, hindi iyon makalma dahil wala siyang makita. Nangingilid ang mga luha niya. Mas gusto pa niyang mapalapit sa ahas o buwaya kaysa nasa dilim na mas nakakatakot para sa kanya.

Bumukas na ang ilaw bago pa man niya mailabas ang cell phone. Nagulat si Cyan nang makitang nakapangalumbaba na si Craven sa harapan niya. Gamit nito ang silya sa unahan niya na hindi niya namalayang gumalaw at ngayon ay nakapaharap sa kanya.

“Am I some kind of ghost for you?” sarkastikong tanong ni Craven habang ang isang kamay nito ay nasa likuran nito at pinagliliyab ang

isang papel.

Pinunasan ni Cyan ng puti niyang panyo ang nangilid na mga luha.

“Takot ako sa dilim! Mas natakot pa ako nang makita kita,” aniya na hininaan ang huling mga salita. Sa hindi niya malamang dahilan, nailang na natutuwa siyang makita si Craven. Pero hindi niya gusto ang tila naghahabulang daga sa kanyang dibdib kapag ito ang nasa harapan niya.

“Nasaan `yon?” tanong ni Cyan nang mapansin na wala na ang sulat na ginawa niya. “Nakita mo ba `yong papel?” tanong pa niya bago tiningnan ang sahig at buong paligid ngunit malinis naman.

“I’ll be here for two weeks. Exchange student ako. We’ll be roommate too,” pag-iiba ni Craven sa paksa.

Unti-unting umawang ang mga labi ni Cyan habang nakatingin dito. Ito ang papalit kay Klyde? Puwede bang manikluhod na lang siyang huwag nang paalisin si Klyde? Hindi naman dahil sa ayaw niya rito. Pero kakaiba ang nararamdaman niya para kay Craven—weird, scared, happy, and helpless.

“Ah.”

“Ah?” uli ni Craven sa kakatwang reaksiyon niya.

“I’m happy,” aniya na ikinapamula niya.

Nangiti naman si Craven sa kanya.

Halatang natutuliro siya sa presensiya nito.

Halos hindi mapakali si Cyan dahil may makakasama na siya sa kuwarto. Gusto niya rin iyon. Pero hindi naman si Craven ang nais niya. Hindi niya ito magawang kausapin nang matagal dahil nga parang palagi siyang may hindi maunawaan sa sarili.

Pinalitan niya ng bedsheets ang kabilang kama maging ang punda ng mga unan nito. Tinagalan niya iyon para maging abala, lalo pa at naroon si Craven at naglalagay sa hanger ng mga uniporme nito at iba pang damit bago ipasok ang mga iyon sa aparador. Bakante ang aparador na iyon dahil sa walk-in closet siya naglagay ng mga gamit sa umpisa pa lang.

Nabigla siya dahil alam niyang naroon lang ito sa aparador at nag-aayos. Ngayon ay biglang nakahiga na ito sa kamang inaayos niya. At hindi maganda ang puwesto nila dahil nasa unan na kalalapag lang niya ngayon ang ulo nito habang ang mga kamay niya ay nakahawak sa

magkabilang gilid ng unan. Halos magkadikit ang mga mukha nila. Lahat yata ng dugo sa katawan ni Cyan ay umakyat sa ulo niya, sinabayan pa muli ng kakatwang tibok ng kanyang puso.

“Mukhang masayang humiga sa kamang `to,” anito na tila namamaos.

Sa isang iglap ay nagkapalit sila ng puwesto at siya na ang nakahiga habang nakatuon ang dalawang braso nito sa magkabilang gilid ng uluhan niya.

“Nauuhaw na talaga ko sa dugo mo,” anito na naningkad ang mga mata at naging pula. “Hindi naman masamang singilin ko ang pagtulong ko sa `yo, hindi ba?” bulong nito sa punong tainga niya kaya nanindig ang balahibo niya.

Hindi alam ni Cyan kung bakit hindi niya magawang pigilan si Craven. Itinaas nito nang marahan ang baba niya bago nito ibinaba ang ulo at tila nilalanghap ang kanyang leeg.

“So sweet. I wanna taste every inch of you,” namamaos nitong wika. “I don’t know why you smelled like this. Higit ka pa sa mga babaeng may kakaibang dugo. I’m getting insane just by smelling you,” dugtong nito bago ilapat ang labi sa leeg niya.

Tila may libo-libong boltahe ng maliliit na kuryente ang tumama kay Cyan nang lumapat ang mga labi ni Craven sa leeg niya. Napaawang nang bahagya ang mga labi niya dahil sa pagkabigla.

Hinalikan nito nang maliliit ang leeg niya, at sa ginagawa nito, nakakagat niya ang kanyang mga labi. Nangangamba si Cyan na ang susunod roon ay ang pagbaon ng mga pangil nito. Ngunit hindi iyon nangyari dahil umayos na ito at nagtungo sa mga gamit nito na tila may hinahanap. Natagpuan ni Craven ang isang maliit na kahon at itinaktak iyon bago inilagay sa bibig ang ilang tableta.

Marahang bumangon si Cyan at napahawak sa leeg niya. Sa dalawang linggo, nasisiguro niyang malaki ang magiging pagbabago sa kanyang buhay.



Chapter 4

Katulad nang madalas mangyari kapag may bagong estudyante, ipinakilala ng unang professor nila si Craven Vixen. Wala si Red kaya nakaupo si Craven sa tabi ni Cyan. At minsan, pinagtitinginan sila dahil tila magkakilala na sila na totoo naman, ilang araw na rin.

“Okay, take down notes!” wika ng professor nila bago ito naupo sa unahan para mag-check ng attendance. Nagche-check ito ng attendance kapag last fifteen minutes na ng oras nito.

Ilang minuto na pero wala pa ring sinusulat si Craven kaya wala ring maisulat si Cyan. Hindi niya gaanong nakikita ang nasa whiteboard kaya nga umaasa siya kay Red madalas kapag notes.

“Why are you not doing anything?” tanong niya kay Craven na titig lang nang titig sa kanya at

naiilang siya rito.

“I’m staring at you. Hindi pa ba `to gawain?” sarkastiko itong ngumiti at nangalumbaba pa paharap sa kanya.

“Kung wala kang ibang balak gawin, puwede bang basahin mo na lang iyong nasa whiteboard para makapagsulat na ako? Hindi ko kasi iyon gaanong makita,” aniya rito.

Tumaas ang kanang kilay nito. “Am I your slave?” tanong nito.

Nairita naman si Cyan kaya sinara niya ang notebook. Balak niyang lumapit na lang sa whiteboard ngunit nang tatayo na siya ay agad nitong hinila siya sa braso paupo.

“Okay, I’ll read it for you,” anito kasunod ng pagdidikta na tila naman hinahabol ng kung sinong demonyo!

“Dahan-dahan—” aniya na hindi malaman kung matatawa o mapapamasaha sa noo.

Halos mapugto ang lahat ng pasensiya ni Cyan dahil binagalan naman ni Craven nang husto. Kaya nang tumigil siya sa pagsusulat at sinamaan ito ng tingin ay ngumiti lang ito na tila model ng toothpaste. Akala ba nito ikinaguwapo nito iyon?

“Gusto mong sumama sa `kin sa labas? Hindi pa ako nakakapagpasalamat sa `yo,” ani Cyan nang matapos na siyang magsulat. Salamat at sa huli ay umayos na ang dictation ni Craven sa kanya. Tapos na rin ang ang dalawang klase nila.

“Kahit saan. Ikaw lang naman ang ipinunta ko rito,” anito.

“Kahit exchange student ka naman talaga?” ani Cyan. “Later, after class—kita na lang tayo mamaya.” Nginitian niya si Craven.

Gusto niya sanang alukin ito ng lunch kaso baka hindi siya makakain nang maayos.

“Okay,” anito na tumungo na sa armchair nito.

Dapat naman talaga lalabas na si Cyan kung hindi lang siya nakonsiyensiya na mukhang hindi ito kakain. Kaya ibinalikan niya ito.

“Sabay na tayong mag-lunch, wala akong kasama,” aniya na totoo naman. Wala si Klyde na palagi niyang kasama.

“I’m fine here,” anito na nag-angat ng ulo.

Dahil nakatungo siya rito ay halos magkadikit na naman ang mukha nila kaya napadiretso siya nang tayo. Hayun na naman ang kakaibang bilis ng tibok ng puso niya. Dahil sa lalaking ito, kung

ano-anong sakit na yata ang makukuha niya. Isama pa na kinakabahan siya rito at natutulala kakaisip kung bakit ito ganoon sa kanya. At siya rin mismo, bakit tila gusto niyang nakikita ang hitsura ni Craven kahit mukha itong mangangain ng cute na katulad niya?

“S-sige dito na lang tayo kumain,” sabi ni Cyan na pumunta sa pinto at isinara iyon bago ibinalikan si Craven sa puwesto nito. Inayos niya ang isang upuan paharap dito at kumuha pa siya nang isa para ilagay ang mga baon niya. Inilabas ni Cyan ang bag at unang inilabas ang mga chocolates na ikinangiti niya. Natatakam na siya roon. Pero kailangan muna niyang kumain.

Hindi niya alam na nangingiti sa kanya si Craven dahil sa kakaibang ningning ng mga mata niya nang una niyang ilabas ang mga chocolate na nasa maliliit na wrappers.

Tatlong lalagyan ang inilabas ni Cyan.

“This is my favorite,” turo niya sa isang tupperware.

“What’s inside?”

“Octopus hotdogs!” masiglang wika niya.

“Octopus what?”

“Hotdog! Ito naman fruits,” turo ni Cyan sa

isa pang tupperware. May mga sliced apples iyon at pineapple.

“Rice,” turo niya sa isa pang tupperware. “Hindi naman tayo mabubusog dito pero bumaba na lang tayo sa cafeteria after,” sabi niya pa habang binubuksan na ang tupperware ng kanin at octopus hotdog.

“Aww! Kulang ang kutsara natin, wait lang kukuha ako sa—”

“No, I’m not sensitive. Magsalo na lang tayo,” tila wala lang na sabi ni Craven.

Indirect kiss iyon! Hindi ba nito alam iyon! Pero hindi naman siya maselan kaya naman pumayag na siya.

“So, ito ang ipinagmamalaki mong octopus hotdog?” natatatawang inikot-ikot ni Craven ang tinidor na may octopus hotdog na nakatusok.

Well, normal hotdog lang iyon na hiniwaan niya para magmukhang octopus.

“Oo,” nakangiting sagot ni Cyan habang namimili ng pinakamagandang octopus na una niyang kakainin.

“Pinya yata `to.” Natatawa talaga ito.

Napasimangot naman si Cyan. “Judgmental! Kahit sinong tao, ayaw ng nilalait, alam mo

ba `yon? Ganoon rin sa hotdog! Kahit anong disenyo niyan, kahit `di perpekto, nasasaktan din siya. Mag-sorry ka!” biro niya rito kahit natatawa na siya dahil mukha nga iyong pinya.

“I’m sorry,” anito sa hotdog bago inisang subo. Habang ngumunguya si Craven nang marahan, kumokorte na sa mga labi nito ang nagbabadyang pagngiti.

Natawa siya. Namili si Cyan ng magagandang disenyo ng nagawa niya at iyon ang kinain.

“Bakit kinailangan mong magpunta sa kakahuyan? Mapanganib doon. Kung tutuusin, mas may pag-asa pang makaligtas sa `yo `yong alaga mong kuneho,” sabi ni Craven nang prutas na ang pinupuntirya nila.

“Isang taon ko na siyang inaalagaan. Pagkamatay nina mama’t papa siya dumating sa `kin, isang gabing umuulan.”

Pilit na ngumiti si Cyan para hindi nito mahalata ang sakit na nararamdaman niya hanggang ngayon. “Ayoko nang mawalan. Kahit pa kuneho siya, hindi ako makakatulog nang wala siya. Pakiramdam ko nag-iisa ako madalas. Pero dito naman sa Ambrose, hindi ko na nararamdaman `yon. Pero kailangan kong

tanggapin na hindi naman habang-buhay nandito ako.” Isinubo niya ang kinuhang pinya at nginitian ito.

“So, you’re alone?”

“Parang ganoon na nga. May mga kamag-anak naman ako pero hindi ko naman sila nakasama nang lumalaki ako. And for some reason, parang hindi rin naman nila ako gusto kaya hindi ko ipinilit ang sarili ko.”

“That’s why you’re here?”

Tumango siya at sinubuan na lang si Craven ng sliced apple dahil hindi na niya gustong humaba pa ang usapan nila.

“I’m fine,” aniya nang ngumanga ito at tanggapin ang mansanas na ibinigay niya. “One day, I’ll have my own family at hindi na ako mag-iisa.” Nginitian niya itong muli.

“I don’t know which is much better, your life or mine? Buhay pa ang mga magulang ko pero hindi sila puwede sa isa’t isa. Vampire si Mommy at iyong ama ko, isa siyang werewolf at hindi ko siya nakilala kahit minsan. I feel rejected. Tingin ko nga, kaya lang ako nananatili sa lugar namin dahil kahit paano mula ako sa royal blood family.”

“Kahit hindi ka gusto ng iba, kung gusto ka

ng mga magulang mo hindi ba't masaya `yon? Isa pa, may pagkakataon pa. Marami pang panahon at makikilala mo rin ang ama mo. Iyong mga hindi makatanggap sa `yo, mapapahanga mo rin sila." Nginitian niya si Craven. "Hindi ka dapat sumuko dahil lang sa `di ka nila matanggap. Dahil kapag sinukuan mo ang sarili mo, sino pa ang tatanggap sa `yo?" dugtong pa ni Cyan.

"Kung ganoon wala na talagang tatanggap sa `kin dahil sinukuan ko na ang sarili ko," anito na pinakatitigan siya.

"Hindi! Matatanggap kita. Kapag sinukuan mo na ang sarili mo, tatanggapin kita at ipapakita ko sa `yo na hindi ka dapat sumuko dahil may naniniwala pa sa `yo at hindi magsasawang maniwala sa `yo—" Natutop ni Cyan ang bibig dahil naisip niya ang mga sinabi. Nag-init na naman ang mga pisngi niya.

Tinanggal ni Craven ang kamay niya sa bibig. Halos tumigil ang pag-inog ng mundo niya nang lumapit ang mukha ni Craven. Gahibla na lang ang pagitan ng mga labi nila. Ilang beses siyang lumunok bago lumapat ang mga labi nito sa mga labi niya. Awtomatikong naipikit ni Cyan ang mga mata.

Bakit siya hinalikan ni Craven? Bakit tinanggap niya? Bakit hindi niya makita ang pagkakamali? Bakit kahit puno ng tanong, may kiliti siyang nadarama sa damdamin na nais kumawala?

Lumalalim ang halik nito sa kanya na tila inaalok siyang sundan at pagtuunan iyon ng pansin. Kinakapos siya ng hininga. May pagkakataon na saglit na naghihiwalay ang mga labi nila kaya nakakahinga siya, ngunit hindi pa man nakakabawi ay agad na naman nitong aangkanin iyon.

“Hindi ko rin alam kung itatanong mo sa `kin kung bakit `yon nangyari,” sabi ni Craven nang maghiwalay ang mga labi nila. Isang halik sa noo pa ang binigay nito. “Maybe I’m just happy to hear those words from you,” dugtong nito na nagbaba ng tingin sa kanya para salubungin ang tingin niya.

“Kalimutan mo na `yon.” Hiyang-hiya na inayos ni Cyan ang mga tupperware. “Iyong halik ang kalimutan mo, hindi ang mga sinabi ko.” Pulang-pula na siya. Hindi niya ito pinigilan at alam niya na tumugon siya sa halik nito na dito niya rin natutunan. At alam niya sa sarili na lalo

lang ginulo ng halik nito ang damdamin niya.

Mabuti na lang at may dumating na silang kaklase kaya hindi na nila iyon napag-usapan pa. Iniayos ni Cyan sa bag niya ang mga tupperware at sinunod na inayos ang mga upuan.

“May bibilhin lang ako,” paalam niya rito. Hindi na niya hinintay na sumagot si Craven at lumabas na siya ng classroom. Sa washroom siya nagtungo at naghilamos. Habang patuloy ang pag-agos ng tubig sa gripo ay pauli-uli niyang hinugasan ang mukha na tila nag-iinit pa rin.

Bakit siya pumayag na halikan nito? At bakit parang hindi naman siya ganoon katutol sa ginawa nito? Ano bang bato-balani ang dala-dala ng Craven na iyon sa kanya? Nakakaisang araw pa lang ito pero nabubulabog na siya. Paano pa sa mga susunod na araw?

Hanggang makabalik si Cyan sa klase ay hindi niya ito gaanong kinikibo. Nagpapasalamat siya na ganoon din ito. Hindi niya tuloy alam kung tama pa bang yayain niya itong lumabas kagaya ng sinabi niya kanina.

Nang matapos ang klase, dumungaw sa klase niya si Anthony.

“Cyan, kakausapin ka ni Klyde! Buksan mo

raw ang cell phone mo,” anito.

“Salamat,” sagot niya nang may ngiti. Kinuha niya sa gilid ng backpack ang cell phone at binuksan iyon. Kapag may klase talaga ay naka-off iyon para hindi makaistorbo sa kanya. Wala rin namang gaanong may alam ng kanyang numero.

“Magkita na lang tayo sa kuwarto. Lalabas pa tayo, hindi ba?” sabi niya kay Craven na walang emosyon. Iniwan niya ito at lumabas siya ng klase. Gusto niyang malaman ang balita kay Klyde at nang makalayo muna kahit ilang minuto kay Craven. Nangangamba siya sa kakatwang damdamin na mayroon siya para dito.

Sa playground na madalas nilang kainan ni Klyde siya nagtungo. Sakto na tumatawag na si Klyde kaya naman masigla niya itong sinagot.

“Hello! Kumusta ka na diyan?”

“Not that good. Kumain ka ba?” sagot nito na mukha ngang nananamlay.

“Oo, bakit? Hindi ba sila mabuti sa `yo?” nag-aalalang tanong niya.

“Biro lang, maayos ako dito,” sumigla ang boses nito kaya naman nawala ang pangamba niya. “Alagaan mo `yang sarili mo, huwag kang

gaanong lumalabas. Mapanganib ngayon lalo pa't malapit lang tayo sa kakahuyan diyan," bilin nito.

"Opo," aniya na ngiting-ngiti.

Si Craven naman ang kasama niya paglabas, hindi siya mapapahamak kung kasama niya ito, lalo pa at sa isang saglit nga napatay na nito ang isang asong-lobo.

"Sige na, gusto lang kitang marinig. Mabilis lang ang dalawang linggo."

"Mag-ingat ka diyan, kumuha ka ng maraming picture," aniya.

Doon nag-aaral si Craven at gusto niyang malaman kung anong klaseng eskuwelahan ang pinapasukan nito.

Nang matapos ang pag-uusap nila ay ibinaba na niya ang cell phone at tumayo na. Huminga pa siya nang malalim at bumuga. Pero tuwing dumaraan sa isip niya ang halik na namagitan sa kanila ni Craven, hindi niya mapigilan ang pag-iinit ng mga pisngi. Nakakagat niya ang ibabang labi dahil pakiwari niya, damang-dama pa rin ng mga labi niya ang mga labi ni Craven na nakalapat.

Isang malakas na hangin ang sumalubong kay Cyan. Mabuti na lang at nakahawak siya sa park bench at naiharang ang kanang braso.

Marahan niyang iminulat ang mga mata kasabay ng pagbaba ng braso niya.

Isang babae ang nakita niya—mahaba ang itim na itim na buhok nito, mapupula ang mga mata. Nakasuot ito ng itim na below the knee na palda at hapit ang suot nitong blusa na kulay abo. Kahit malayo, alam niya na ang logo ng necktie nito ay kagaya ng logo ng necktie ni Craven nang una niya itong makita.

Nakatitig ito sa kanya. Hindi puwedeng pumunta ang babae roon kaya bakit ito nandoon?

“So, this is why he’s here,” wika nito habang tinatangay ng hangin ang buhok nito. “Hindi pangkaraniwan na sa isang boys dormitory ay may isang lalaki na may kakaibang dugo. Kaya naman pala siya nagpalipat dito, gusto niyang solohin ang tulad mo,” dugtong pa nito kasabay ang isang ngiting tila nakatuklas ito ng nakasisiyang sikreto na magandang isiwalat.

“Via.”

“Craven.”

Sa likuran ni Via, naroon si Craven.

“He’s mine, `wag mong tangkain na ipagsabi ang nalaman mo tungkol sa kanya. Dahil kung hindi... hindi kita mapapatawad.” Tumalim ang

tingin ni Craven sa dalaga.

“Huwag kang mag-alala, maglaro ka muna sa lugar na `to. Isa pa, gusto ko rin naman ang tagumpay mo kaya `wag mong isipin na isisiwalat ko ang nalaman ko,” malambing na wika nito kay Craven na nilingon nito. May sinabi ang babae na hindi nakaabot sa pandinig ni Cyan bago ito naglaho sa harapan nila.

“Ano bang nasa dugo ko na sinasabi ninyo?”

Hindi mapigilang tanong ni Cyan kay Craven. May kaibahan ba siya sa ibang tao? Nalilito na siya.

Lumakad si Craven palapit sa kanya.

“Iba ang dugo mo sa iba. Ang ganyang uri ng dugo ay hindi namin alam kung paano nabubuo sa isang tao. Pero sa pagsisiyasat namin, wala pang nagkaroon ng ganyang uri ng dugo sa lalaki, maliban sa `yo. Puro sa dalagang birhen namin natatagpuan `yan at bibihira lang din ang nagtataglay. Kaming mga Royal Blood, kabilang ang mga Pure Blood, ay naaamoy ang dugo na nakakahalina na tulad ng sa `yo. Kung maiinom namin ang dugo ng tulad mo, hindi kami mauuhaw nang ilang buwan. Maliban na lang kung magkakaroon kami ng matinding pinsala.

Kakailanganin namin ang dugo ng tulad mo para makabawi at bumalik ang lakas namin at hindi tuluyang mamatay.”

“Kaya ba nandito ka para inumin ang dugo ko?” Napaatras si Cyan dahil malapit na ito sa kanya.

“Kung gusto ko `yong gawin, sana ginawa ko na `yon sa ilang pagkakataon na hindi ka tumanggi.” Isang ngiti na makahulugan ang nakita niya rito.

Tama, dalawang beses siyang nagpabaya at inakalang kakagatin siya nito. Ngunit hindi iyon nangyari at halata naman na pinipigil nito. Niligtas siya ni Craven at hindi siya nito sinasaktan. Hindi naman ito masama, hindi ba? Hindi naman masamang magtiwala dito, tama?

“Dapat ba kitang pagkatiwalaan?” tanong niya nang ilang hakbang na lang ang pagitan nila.

“Higit kaninuman, Cyan,” seryosong sabi nito.



Thank you for reading the sample copy.

You may order the book online at www.preciousshop.com.ph
or you may visit any Precious Pages Bookstores located at SM
Calamba / SM Dasma / SM Manila / SM Mall of Asia / SM North
Edsa / SM Cebu / PPC Pasig / PPC Sto. Domingo.